

## Pang-unang Lunas para sa Anaphylaxis (First Aid for Anaphylaxis)

### MGA SENYALES NG KATITING HANGGANG KATAMTAMANG REAKSYON NG ALERDYI

- Pamamaga ng mga labi, mukha, mga mata
- Mga pamamantal o latay sa balat
- Pangingilig ng bibig
- Pananakit ng tiyan, pagsusuka (ang mga ito ay senyales ng anaphylaxis na alerdyi sa insekto)

### AKSYON PARA SA KATITING HANGGANG KATAMTAMANG REAKSYON NG ALERDYI

- Para sa alerdyi sa insekto – pitiking palabas ang tibo kung nakikita ito
- Para sa alerdyi sa garapata – i-freeze dry ang garapata at hayaang malaglag
- Samahan ang tao at tumawag para humingi ng tulong
- Hanapin ang adrenaline (epinephrine) autoinjector
- Tawagan ang kapamilya /taong tatawagan kung emergency

Katiting hanggang katamtamang mga reaksiyon ng alerdyi (gaya ng mga tagulabay o pamamaga) **ay maaaring hindi palaging** nagaganap bago pa mangyari ang anaphylaxis (matinding reaksiyon sa alerdyi)

### BANTAYAN ANG ALINMAN SA ISA SA SUMUSUNOD NA MGA SENYALES NG ANAPHYLAXIS

- Mahirap/maingay na paghinga
- Pamamamaga ng dila
- Pamamaga/paninikip ng lalamunan
- Humuhuni o walang patid na pag-ubo
- Nahihirapang magsalita at/o garalgal ang boses
- Walang tigil na pagkahilo o nawalang-malay
- Pamumutla at kumakawag-kawag (mga kabataan)

### AKSYON PARA SA ANAPHYLAXIS (MATINDING REAKSYON SA ALERDYI)

**1 Ihiga ang tao ng padiretso**  
**HUWAG silang patayuin o palakarin**  
Kung walang-malay, ihiga nang nakatagilid  
Kung nahihirapang huminga, paupuin

**2 Iturok ang adrenaline autoinjector**

**3 Tumawag ng ambulansya - 000 (AU) o 111 (NZ)**

**4 Tawagan ang pamilya/taong tatawagan kung emergency**

**5 Iturok ang dagdag na dosis ng adrenaline kung walang responde makalipas ang 5 minuto**

**6 Ilipat ang tao sa ospital nang di bababa sa 4 na oras na oobserbahan**

**Kung may duda, iturok ang adrenaline autoinjector**

**Umpisahan ang CPR anumang oras kung ang tao ay hindi sumasagot at hindi normal ang paghinga**

**PALAGING iturok UNA ang adrenaline autoinjector at isunod ang gamot-panghigop sa asthma (asthma reliever puffer)**

Kung ang tao ay kilalang may asthma at alerdyi sa pagkain, mga insekto o kaya iniinom na gamot na **BIGLANG NAHIHIRAPAN SA PAGHINGA** (kabilang ang humuhuni, walang patid na pag-ubo o garalgal ang boses) kahit na walang sintomas na nakikita sa balat

